

Ang Oral at Nakalimbag sa *Batbat hi Udan* ni Telesforo S. Sungkit, Jr.

JAY JOMAR F. QUINTOS

The Cordillera Review: Journal of Philippine Culture and Society 11 (1–2): 52–77.
<https://doi.org/10.64743/ACYO1955>

ABSTRACT

This essay probes the conventions and elements of oral and written literature in the epic novel *Batbat hi Udan* (2009) by Higaonon writer Telesforo Sungkit. It attempts to analyze various discourses embedded in the poetic form, aesthetics, themes and images in several epics from Luzon, Visayas, Mindanao and Sulu vis-à-vis Sungkit's epic novel. Finally, I contend that *Batbat hi Udan* can be read as both an oral and written text.

Sisiyasatin ng sanaysay na ito ang mga kumbensyon at elemento ng panitikang oral at nakalimbag sa epiko nobela na *Batbat hi Udan* (2009) ng manunulat na Higaonon na si Telesforo Sungkit. Susubukang suriin ang sapin-saping diskursong nakalakip sa anyo ng panulaan, estetika, tema at imahen na matatagpuan sa iba't ibang epiko sa Luzon, Visayas, at Mindanaw at Sulu na kaugnay ng epiko nobela ni Sungkit. Sa huli, pinaninindigan ko na ang *Batbat hi Udan* ay maaaring *basahin* bilang *teksto* na nasa tradisyong pabigkas at nakalimbag.

Isang masalimuot na kasaysayan ang nakapaloob sa panitikan ng Pilipinas mula prekolonyal patungong kolonyal na mga panahon. Hindi iba sa maraming iskolar at mananaliksik ang pinaniniwalaang lawak at katandaan ng mga prekolonyal na anyong pampanitikan na nasa tradisyong pabigkas, gaya ng katutubong epiko, bugtong, salawikain, katutubong awit, at kuwentong bayan.¹ Hinaharaya ang mga ito mula sa isang daigdig sa nakaraan na ang pinagmulan ay hindi pa rin malirip ng dunong at saliksik. Sa tala ng mga historyador at mananaliksik, ipinapalagay na nagkaroon ng pagbabago sa anyo ng panitikan mula sa tradisyong pabigkas patungong nakasulat at nakalimbag sa panahon ng prekolonyal patungong kolonyal na daigdig sa Pilipinas.

Malimit nang binabanggit ang mataas na antas ng pag-unawa ng mga sinaunang pamayanan sa kapuluan, lalo na't noon pa man ay mayroon nang iba-ibang titik at pamamaraan ng pagsulat gamit ang dahon at metal (Chirino 1604, 280–81). Ipinakilala naman ang anyo ng palimbagan, 28 taon matapos ang pagsisimula ng kolonyalismong Espanyol sa kapuluan. Matatandaan na taong 1593 inilathala ang

kauna-unahang aklat na *Doctrina Christiana* na pinangunahan ng isang Dominikanong palimbagan (Lumbera 1986, 22). Sa kasaysayan ng aklat sa Pilipinas, mahihiwatigan na mayroon nang mga pagtatangka noon pa mang 1565 hinggil sa pagtatayo ng mga palimbagang nakabatay sa layuning binyagan ng Kristiyanismo ang mga sinaunang pamayanan. Nakakabit ang realidad na ito sa layuning pagtatatag ng Inquisition of New Spain (Mexico), gamit ang Tanggapan ng Obispo ng Maynila, ng isang sangay na maaaring magsuri sa mga aklat na dadaong sa Pilipinas o kaya ay ililimbag dito noong 1583 (Jurilla 2008, 18).

Nagbunga ng kakaibang kahirinatnan ang mga pangyayaring kalakip ng kolonyalismo sa anyo ng mga prekolonyal na panitikan. Kung pagbabatayan ang mga “katutubong epiko”² sa bansa, nagkaroon ng pagbabago (*mutation*) sa anyo at nilalaman nito (Mojares 1998, 25). Tunghayan, halimbawa, ang *Biag ni Lam-Ang* ng mga Ilokano na unang lumabas sa madla noong 1889–1890 sa pamamagitan nina Gerardo Blanco at Isabelo de los Reyes. Bagaman hinaharaya ng ilang iskolar at mananaliksik na isang “katutubong epiko” ang *Biag ni Lam-ang* na “isinulat” ni Pedro Bukaneg, lumilitaw naman ang ilang pagbabago tulad ng paghulma rito kaparis ng *corrido* na anyo ng metriko romanse mula Europa. Mayroon ding mga haka-haka ukol sa pinagmulang batis ng *Biag ni Lam-ang* na maiigib mula sa katutubong kuwento ng mga Itneg na *Silammang* (Bauzon 1973). Sa mga pagtatalabang ito, mahihinuha ang pagtatagpo ng dalawang kultura—ang kinagisnang at ang dayuhan—na litaw na litaw sa anyo, istilo, at talinghaga na nakapaloob sa *Biag ni Lam-ang*. Masasabing ang *Lam-ang* ang siyang nagtutulay at nagtatawid ng “katutubong epiko” patungo sa iba't ibang anyong pampanitikan na ipinakilala sa panahon ng kolonyalismo tulad ng metriko romanse, manuwal sa kagandahang-asal, *ejemplo*, na tutuloy sa pag-usbong ng iba pang anyong pampanitikan. Sa bahaging ito, binabanggit ni Resil Mojares (1998, 368–69) na hindi naman tuluyang nalibing sa hukay ang “katutubong epiko” sa pagdating ng mga mananakop at maaaring basahin ang pagbabago nito bilang pagtuntong sa isang baitang sa tradisyon ng pagsisimula, pag-unlad, at pagyabong ng anyo ng nobela sa Pilipinas.

Sa pagsipat sa kasaysayang pampanitikan sa Pilipinas, ipinapalagay na ang “katutubong epiko” ang siyang binhi at ugat ng tradisyong nagsilang sa anyo ng nobela. Bagaman isang maka-Kanluraning anyong pampanitikan ang nobela, kapansin-pansin pa rin ang pagkakaparis nito sa “katutubong epiko” sa antas ng haba, saklaw, lalim, at salimuot. Ngunit mahihiwatigan din ang pagkakaiba ng dalawang anyo: ang una ay nasa tradisyong pabigkas na inaawit bilang akda ng isang buong pamayanan na taglay ang pananaw-mundo ng mga nasasakupan nito, habang ang huli naman ay nakalimbag at karaniwang inaakda ng iisang tao na ginagabayan ng iba't ibang tinig ng mga institusyon (Mojares 1998). Kapwa

maningning ang kuwento at naratibo ng “katutubong epiko” at nobela na sinasabing magkatuwang sa pagkabansa o pagkatao ng bansa (Tolentino 2007, 57). Kung kolektibong tinig ng pamayanan ang isinasalaysay sa “katutubong epiko” na nakaangkla sa kanilang ginagalawang espasyo at pamayanan, ang teksto ng nobela naman ay itinuturing bilang bahagi ng kasaysayan na maaaring magtakda sa tinahak at tinatahak na landas ng bansa (Hau 2000, 61–73). Sa madaling sabi, madirinig ang danas at dalumat ng hinaharayang pamayanan sa mga epiko, batay na rin sa kanya-kanyang pinanggagalingang etnolingguwistikong grupo na nagluluwal sa mga inaawit na salaysay habang taglay naman ng nobela ang nagsasalit-salitang tinig ng iba’t ibang kultural na tradisyon at panlipunang institusyon hinggil sa pag-akda ng bansa.

Sa pag-aaral na ito, susuriin ang *Batbat hi Udan* (2009) ni Telesforo Sungkit—marahil ang kauna-unahang nobelang nalimbag mula sa pangkat etnikong Higaonon³—bilang isang akda kung saan nagtatalaban ang oral at nakalimbag na elemento ng panitikan. Ginagamit ko ang salitang “talaban” sa sanaysay na ito bilang katumbas ng dalumat ng “hybridity.” Ipinapalagay ko na maaaring basahin ang *Batbat hi Udan* bilang bahagi ng oral na panitikan na binubuo ng *limbay* (tula), *basahan* (salawikain), *antoka* (bugtong), *gugud* (kasaysayan ng lahi), at *ulaging* (epiko).⁴ Matitipa sa kayarian ng *Batbat hi Udan* ang katangian nitong maipaparis sa mga inaawit at sinasalaysay na kuwento na nagpupuri at nagsasaad sa kagilagilalas na pakikipagsapalaran ng mga *bagani* (bayani). Bagaman maihahambing ang *Batbat hi Udan* sa *ullaging*—bahagi ng lirikong inaawit para sa mga Higaonon—maaari rin naman itong ihambing sa mga lirikong hindi inaawit tulad ng *nanangen* (kuwentong salaysayin),⁵ *mantukaw* (mga rendisyon sa kuwento ng mga episodeyo sa “katutubong epiko”), at *batbat* (mistikal na kuwento at alamat) (Unabia 1996, 1–2). Kung susuriin, higit na makatuwiran ang pag-uuri sa *Batbat hi Udan* bilang bahagi ng *mantukaw* o batbat, mga halimbawa ng lirikong hindi inaawit ngunit isinasalaysay na nagtataglay ng episodeyo at mistikal na kuwentong kaparis ng *ulaging*.⁶

Sa isang banda, nililirip ko sa aking hinagap at gunita ang *Batbat hi Udan* bilang akdang nasa anyo ng *mantukaw*. Sa kabilang banda naman, tinatanaw ko rin ang realidad na maaaring basahin ang akda bilang nobela. Sa bahaging ito nagiging makabuluhan ang talaban (*hybridity*) ng “katutubong epiko” at “nobela” sa *Batbat hi Udan*. Upang maisakatuparan ang ganitong pagtataya, maaari nating maging lunsaran ang mga nagsasala-salabit na salik ng oral at nakalimbag na panitikan, ang estetikang nakapaloob sa anyo at nilalaman ng *Batbat hi Udan*, at ang iba’t ibang elemento at katangian ng nobelang binabanggit na nag-uugnay sa tradisyong pabigkas.

Ang Oralidad at Nakalimbag

Bahagi ng oral na panitikan, ibig sabihin ay nasa tradisyong pabigkas at itinatanghal, ang batbat ng mga Higaonon. Inaawit ito ng pasalaysay at kalimitang nagtatampok sa buhay at haraya ng isang *bagani*. Sa tala ng mga makabagong saliksik sa pangkat ng mga Higaonon, ipinapalagay na ang batbat ay terminong nagpapakahulugan sa malawak na katawagan ng “kuwento” na nagpapailalim sa mga anyo ng salaysay na *nanangen*, *mantukaw*, at maging *ulaging*. Sa obserbasyon ni Carmen Unabia (1996), mahalaga ang mga batbat (ang literal na katumbas sa Higaonon ay “kuwento”) sa lipunang Higaonon at Binukid lalo na’t dito nagmumula ang pangkalahatang paniniwala at pananaw-mundo ng pamayanan. Masasabi rin na popular sa kanila ang istilo ng pagkukuwentong ito dahil marami sa mga Higaonon at Bukidnon ang nasa malalayong bulubundukin na hindi pa napapasok ng iba’t ibang anyo at porma ng midya tulad ng radyo, telebisyon, at internet. Isa ito sa mga dahilan kung bakit ang libangan ng mga pangkat etnikong binabanggit ay kadalasang nakukuha mula sa pagsasalaysay ng mga batbat (18).

Sa bahaging ito ko iminamapa ang *Batbat hi Udan* ni Telesforo Sungkit na inilimbag ng Central Book Supply, Inc. gamit na puhunan ang salapi ng may-akda noong 2009. Masasabing nakalunan ang batbat⁷ sa nagtatagisang diskurso at diyalektika: una, maaaring unawain ang *Batbat hi Udan* bilang isang batbat lalo na’t mababanaag sa istilo at estetika nito ang mga katangian ng tradisyong pabigkas; at pangalawa, maaari rin itong ituring bilang isang nobela na nasa mga wikang Tagalog at Higaonon at isinulat ng isang Higaonon at inilimbag labas sa mga institusyon sa Sentrong rehiyon sa bansa sa panahon ng bagong milenyo. Sa realidad na ito nagsasalikop ang pagiging epiko nobela ng *Batbat hi Udan*. Taglay nito ang ilang aspekto ng oral na panitikan ngunit nasa anyo naman ito ng nobela. Tila nagtatalaban ang dalawang anyo upang makabuo ng isang supling pang anyo—ang epiko nobela.

Sa obserbasyon ni Ruth Finnegan (1977), mahirap tukuyin ang pagkakaiba ng oral na panitikan sa panitikang nakalimbag lalo na kung tutuntunin ang mga pagkakatulad at pagsasalungat ng mga ito. Kadalasan, sa mga pagtatangka nang pagtukoy, lumilitaw lamang daw ang mga elemento kung saan nagtatagpo ang oral at nakalimbag na panitikan (5). Dagdag pa ni Finnegan, ang dalumat ng “oralidad” ay mabuway na tuwina’y humahantong pa sa pakikipagtalastasan nito sa antas ng pagkakakilanlang nakakawing sa nakalimbag na panitikan (22). Kung tutuusin, taliwas ito sa naging diyakronikong pagdulog ni Walter Ong (2002) sa hinaharaya niyang oral na tradisyon na nagsisiwalat sa poetika ng oral na panitikan at ang pagkakaiba nito sa iba’t ibang tradisyon sa iba-ibang antas ng kasaysayan. Ngunit

kung ilalapat sa realidad ng tradisyong pabigkas sa Pilipinas, tila nahuhulog sa bitag ng esensyalismo ang pagdulog ni Ong lalo na't hindi niya binibigyang dalumat ang oral na panitikan bilang isang akdang itinatanghal sa mga pamayanan kung saan kabilang sa pagkatha ang mismong tagapakinig at tagamasid (Wrigglesworth 2011). Sa bahaging ito, mahalagang sipatin ang naunang pagtataya ni Finnegan (1977) hinggil sa pagdalumat sa oral na panitikan bilang masalimuot na tradisyon na hindi maikakahon sa isang imahinasyong ganap at lubos. Masasabing nakabatay pa rin ang paglirip sa oral na panitikan sa panlipunang kontekstong kinabibilangan nito (22–29).

Sa tradisyong pampanitikan sa Pilipinas, bagaman mayroon pa ring mga lumalabas na saliksik hinggil sa oral na panitikan—tulad ng “katutubong epiko,” awit, kuwentong-bayan—mula sa iba't ibang komunidad ng mga etnolingguwistikong pangkat sa kasalukuyan, hindi rin maisasantabi ang lumalabas na modernong “epiko” na hinaharaya hindi na bilang tradisyong pabigkas kundi isa nang akdang pampanitikan na kinakailangang ilimbag. Sumasalok pa rin sa balon ng tradisyon ng “katutubong epiko” ang mga modernong epiko na ito, lalo na't nasa anyo ito ng tula at gumagamit ng mga kinagisnang kumbensyon, sangkap, at istilo sa panulaan. Kapansin-pansin ito, halimbawa, sa nilikha ni Guillermo C. de Vega na *Ferdinand E. Marcos: An Epic* (1974), isang modernong epiko na nagsasalaysay sa buhay ni Ferdinand Marcos bilang bayani sa panahong nakararanas ang Pilipinas ng politikal na krisis. Sa daloy ng epiko, tinunton ang pagkabata ni Marcos mula Batac hanggang sa pagiging kinatawan nito sa kongreso at kalauna'y pagiging presidente at pagdedeklara ng Batas Militar na tutuloy sa pagtatatag niya sa isang Bagong Republikang nakabatay daw sa kagustuhan ng diyos.⁸ Lumilitaw din bilang modernong epiko ang *The Trilogy of St. Lazarus* ni Cirilo Bautista na binubuo ng tatlong episodyo: *The Archipelago* (1970), *Telex Moon* (1981), at *Sunlight on Broken Stones* (2000). Sa pamamagitan ng modernong pamamaraan ng pagsasalaysay, inakda ni Bautista ang mga episodyo na nagtatampok sa “kasaysayan” ng Pilipinas sa panahon ng Kolonyalismong Espanyol. Bagaman taglay pa rin ng mga modernong epiko ang ilang kumbensyon at salik ng “katutubong epiko,” mahihiwatigan na iisang tao na lamang ang siyang umakda ng mga ito, kaiba sa kolektibong pag-akda ng iba't ibang pamayanan. Hindi na lamang iisang tinig ng komunidad ang pumapalaot na himig sa mga ito kundi nagtatagisan nang tinig ng iba't ibang institusyong umiinog sa isip at gunita ng may akda. Kung gayon, nagiging makabuluhan ang muling pagsulyap at pagharaya hinggil sa *monoglossia* at *polyglossia* na ikinakabit ni Mikhail Bakhtin (1981) sa epiko at nobela. Hinaharaya ang epiko bilang isang ganap nang anyo na kumakatawan sa iisang tinig habang ang nobela naman ay tinatanaw bilang anyo na mayroong iba-ibang

kalawakan na nakaangkla sa nagtatalastasang kamalayan at tinig (11).

Kung sisipatin, maiuugnay ang ganitong pagtingin sa pagsusulong ni Resil Mojares (1998) sa paniniwala na ang tradisyong pampanitikan sa Pilipinas ay nagkaroon ng dalawang mahahalagang yugto at pagsasatinig sa anyo ng “katutubong epiko” at nobela (368). Dagdag pa niya, nakaugnay ang dalawang anyong pampanitikan sa danas at realidad ng kani-kanilang nililirip na mga *banuwa*.⁹ Lumilikha ng himig at tinig ang dalawang anyo na pumapalaot kasabay ng pagsagwan ng iba-ibang institusyon sa *banuwa*. Bagaman nagkakatulad sa saklaw ng haba ang epiko at nobela, ang una ay nasa anyo ng tula habang ang pangalawa naman ay nasa tuluyan, kapwa nagsasalaysay at nagsisiyasat ang dalawang anyo ng mga kuwentong nakapaloob sa iniinugan nitong daigdig. Sa pagtataya ni Rolando Tolentino (2007), magkatambal ang epiko at nobela sa kakayahan nilang mailahad “ang naratibo ng bansa at kamulang kailangan para mabuo ang pambansang naratibo” (107). Sa ganitong lunan iminamapa ni Caroline Hau (2000) ang kabuluhan ng panitikan sa paghubog at pagluwal ng isang politikal na pamayanan (93).

Bagaman nagkakaiba sa anyo ang “katutubong epiko” at nobela, kapansin-pansin naman ang kanilang pagtatalaban sa nagsasanga-sangang aspekto. Sa perspektiba ni David Masson (1859), ang nobela ang siyang tinatanaw bilang katumbas ng epiko sa anyo ng prosa. Mahirap unawain ang kanilang pagkakaiba lalo na't nagtatagpo sa maraming pagkakataon ang paraan at balangkas ng kanilang pagsasalaysay. Binabanggit din na mahihinuha lamang ang pagkakaiba ng epiko at nobela sa kuwentong nilalaman at nais isalaysay na kinakailangang ibatay at umakma sa pamamaraang pipiliin, binibigkas man ito o nakalimbag (Moore 2015, 150–51). Sa pagtatalaban din ng epiko at nobela, napapatunayan ang pagiging mabuway ng mga anyong pampanitikan na baliin ang kani-kanilang kayarian upang pumalaot sa paghulma at paglilok ng iba pang taksonomiya (160–63). Sa puntong ito, nakabubuo ang talaban ng epiko at nobela ng isang supling na anyo (*generic hybridity*) tulad ng isinusulong ng kasalukuyang pag-aaral—ang epiko nobela.

Ang Batbat

Mailap magbahagi si Telesforo Sungkit tungkol sa kanyang buhay lalo na't ipinapalagay na ang paglalahad ng ilang personal na impormasyon ay mayroong katumbas na panganib. Ito ay kung pagbabatayan ang mahabang kasaysayan ng mga Higaonon at iba pang Lumad sa kalawakan ng Mindanaw at Sulu. May paniniwalang maaaring pisikal na panganib ang sapitin ng kung sinumang makikipag-ugnayan sa pagsasapubliko ng kanyang personal na

kasaysayan. Ngunit sa ilang datos na maaaring makalap, lumaki si Telesforo Sungkit sa Bukidnon na naririnig ang maraming *nanangen* (kuwentong salaysayin), na sinasabi niyang malaki ang pagkakatulad sa maraming “katutubong epiko” sa Mindanaw na nalimbag at pinagaaralan sa ilang unibersidad sa kalakhang Maynila. Masasabing malaki ang naging impluwensya sa pagkukuwento ni Sungkit ng mga nadinig niyang salaysayin, lalo na’t ilan sa kanyang kamag-anak ay may hilig sa pagkukuwento o kaya ay mga baylan, tulad ng kanyang Nanay Siling at kanyang lolo at tatay nito. Dagdag pa rito, mayaman ang naging personal na karanasan ni Sungkit sa pagmamaisid habang isinasama siya ng ama, na isang Kristiyanong pastor, sa marami nitong gawain (Sungkit 2019, 300–5).

Nagsimulang magsulat si Sungkit habang nag-aaral ito ng kolehiyo sa Unibersidad ng Pilipinas Los Baños. Doon niya hinasa ang kakayahan sa pagsusulat at nilinang ito nang lubusan nang matapos ang kanyang kurso sa Agrikultura (Sungkit 2019, 306–10). Bagaman itinatuturing bilang unang nobela ni Sungkit na nailimbag ang *Batbat hi Udan* (2009), ito naman ay hinaharaya ng may akda bilang pangalawang nobela na bubuo sa isang trilojiya na kinapapalooban ng *Awit sa Baylan* at *Tigmo sa Balagbatbat* (Sungkit 2019, 300). Sumusunod ang mga akda ni Sungkit sa anyo ng nakalimbag na nobela, kung saan kapwa niya ginagamit ang iba-ibang wika na sinasalita ng mga Higaonon—Higaonon, Tagalog, at Sugbuanong Binisaya. Mayroong 215 na pahina ang *Batbat hi Udan*, na kung ihahambing ay tila sumasaklaw sa isang buong episdoyong ng “katutubong epiko.” Mapapansin na hinati ni Sungkit ang akda sa ilang kabanata. Nagtataglay ang *Batbat hi Udan* ng pitong kabanata kung saan ang bawat kabanata ay hinati-hati sa iba-ibang episdoyong. Mapapansin din na tulad sa mga “katutubong epiko” ng iba’t ibang liping Manobo, nagtataglay ang *Batbat hi Udan* ng bahagi para sa *Ke’puun-pu’un* na ang ibig sabihin ay ugat o simula.

Bagaman naunang nalimbag ang *Batbat hi Udan*, higit na nauna namang natapos isulat ni Sungkit ang akda niyang *Mga Gapnod sa Kamad-an* na nagwagi sa NCCA Writer’s Prize noong 2007 para sa nobela sa Sugbuanong Binisaya. Kung babasahin at susuriin ang akdang ito, lumilitaw ang mga estetika, istilo, katangian, at sangkap na makikita sa *Batbat hi Udan* at iba pang “katutubong epiko.” Kalaunan, isasalin ni Sungkit ang *Mga Gapnod sa Kamad-an* sa wikang Ingles bilang *Driftwood on Dry Land* at ililimbag ng University of Santo Tomas Publishing noong 2013. Sa orihinal na akda, magkahalo ang mga wikang Sugbuano at Higaonon. Binubuo rin ito ng mga kabanata na animo’y episdoyong ng “katutubong epiko.” Tinatampok ng *Mga Gapnod sa Kamad-an* ang kasaysayan ng Mindanaw na nagsasalaysay sa danas ng magkakaugnay na mga hibla ng ilang indibiduwal, partikular ang ugnayan ng magkapatid na sina Panginuna at Panginayaw na naglakbay sa kalawakan ng Mindanaw. Sumusunod

ang kuwento ng magkapatid sa akda sa palasak na kuwento nina Mamalu at Tabunaway sa iba’t ibang etnolingguwistikong pangkat sa Mindanaw. Magkapatid na naglakbay, nagkahiwalay, at nagkaroon ng dalawang magkaibang buhay at kultura. Sa pagpapatuloy ng palasak na kuwentong ito, magkakaiba ng landas na tatahakin sina Mamalu at Tabunaway. Ang isa sa kanila’y mananatili sa kinagisnang paniniwala habang ang isa naman ay magkakaroon ng ibang paniniwala.

Sa diskurso ng kolonyalismo sa Mindanaw at Sulu, mahalagang basagin ang samu’t saring mito na nakapaloob rito. Sa pananaw ng mga naunang historyador, nanatiling “taal” at “dalisay” ang pamayanan at kultura ng iba’t ibang etnolingguwistikong pangkat laban sa unang bugso ng kolonyalismo sa Mindanaw at Sulu. Ngunit kung lilimiin, hindi naman tuwirang naibukod ang mga pamayanan at kulturang ito sa iba’t ibang anyo at hugis ng pananakop. Sa katunayan, malalantad pa nga ang iba-ibang impluwensya ng mga dayuhan sa gawi at estruktura ng pamumuhay ng iba’t ibang pangkat sa kalawakan ng Mindanaw at Sulu¹⁰ (Paredes 2013, 151). Maging ang pag-unawa ng mga Higaonon sa kanilang mga “kinagisnang sistema ng paniniwala” ay masasabi ring nahaluan ng iba’t ibang paniniwala mula sa mga banyaga, patunay dito ang naging impluwensya ng mga misyonerong Amerikanong Protestante sa Hilaga at Gitnang Mindanaw (Paredes 2006). Ang mga ugnayang ito sa mga mananakop at tuluyan nilang pagpasok sa daigdig ng mga Higaonon at iba pang Lumad ang siyang magiging hudyat sa pagluluwal ng iba’t ibang suliranin gaya ng illegal na logging, pangangamkam sa lupa, at hindi maayos na mga batas na mangangalaga sa kapakanan ng mga pangkat na tila kinalimutan sa hinagap at gunita ng Pilipinas (Sumingit at Burton, w.p.). Ngunit mapapansin na ilan sa mga suliraning ito, tulad ng problema sa *yuta* o lupa at maging sa pamumuno, ay hindi na rin naman bago at litaw na litaw pa nga sa mga naunang *ulaging* at batbat ng mga Higaonon.

Tingnan, halimbawa, ang kuwento na nakapaloob sa *Batbat hi Udan* ni Telesforo Sungkit. Isinasalaysay nito ang pakikipagsapalaran at pagbabanyuhay (pagbabagong-anyo ng buhay) ni Udan ng Hanapulon upang isalba ang mga *banuwa* ng Lantapan, Yandang, Kimambong, Dalwangan, Impasug-ong, at Sumilaw na nasa bingit ng pananakop ng nilalang na si Kalibato mula Lidasan. Mahalagang sipatin na hinaharaya ang mga lugar na ito sa *Batbat hi Udan* bilang magkakaibang banuwa na kinakailangang magkaroon ng kaayusan. Kung sisipatin ang kontemporaryong mapa ng probinsya ng Bukidnon, mapapansin na ang Lantapan (Kanluran ng lungsod ng Malaybalay) at Impasug-ong (Hilaga ng lungsod ng Malaybalay) ay kasalukuyang mga “bayan” na bumubuo sa probinsya habang ang Dalwangan at Kimambong naman ay mga barangay sa lungsod ng Malaybalay—ang sentro ng Bukidnon. Bagaman mayroong isang

sityo sa barangay ng Saint Peter sa Malaybalay na tinatawag na Yandang, mapapansin na pamilyar ang pangalan ng lunan lalo na't binabanggit din ito sa episdio ni Agyu mula sa *Ulahingan* ng mga Livunganen Arumanen Manobo. Hinaharaya ang Yandang bilang iba pang pangalan ng Nalandangan (*Antolohiya ng mga Panitikang ASEAN, Mga Epiko sa Pilipinas* 1985, 218).¹¹

Sa daloy ng *Batbat hi Udan*, kaagapay ni Kalibato ang mga *alagasi* (higanteng nilalang na maitim at mabuhok), *bakesan* (ahas), *tagbusaw* (nilalang na kumakain ng laman-tao at sumisipsip ng dugo), *mantianak* (mga nilalang na mayroong mahabang leeg, pulang mata, at tila ginintuang buhok), at makapangyarihang *tium* (mga nilalang na kumakain din ng puso at atay ng tao) sa kanyang hindi makatuwirang mithiin na sakupin ang maraming banuwa. Magbubunga ang kasakimang ito sa isang *pangayaw* (digmaan ng mga pangkat) sa pagitan nina Datu Masagila ng Impasug-ong, Datu Mansulahugan (Mansugkil), at Udan, na kinakalaban ang mga nilalang ng Lidasan na sina Kalibato (Datu Mampuo) at Datu Binigsulan. Kagila-gilalas ang pakikipagsapalaran ng magilas na si Udan sa daloy ng batbat, lalo na't isa siya sa mga pinakabatang *bagani* ngunit pinakamakapangyarihan naman kung pagbabatayan ang mga tadhanang nakaguhit sa bituin, sa kanilang hukbo na lumalaban sa mga sakim na tagbaya ng Lidasan.

Sa gitna ng iba't ibang *pangayaw*, makikilala naman ni Udan ang *Hapoy ha Tagkalegdeg Bolak ha Mahumot* na si Ananaw, isang babaeng *bagani* mula Lidasan na anak ni Datu Binigsulan sa dinukot niyang babae mula Impasug-ong na si Bae Gagawen, na kapatid naman ni Datu Masagila. Mababanaag ang makulay na mga tagpo sa pagitan ng dalawang mandirigma na sina Udan at Ananaw, kapwa malakas, maliksi, at mabilis, at tila nagkakapalagayan ng loob sa isa't isa. Si Ananaw din ang tila makatutulong kay Udan upang higit nitong kilalanin at mapagtibay ang *gahum* na kaloob sa kanya ng kanyang mga ninuno. Sa katapusan ng batbat, magaganap ang isang matinding *pangayaw* sa pagitan ni Udan at ng *Tium hu Gaun*. Magwawakas ito sa iba't ibang kahulugan at pagpapakahulugan sa pagiging isang pinakadakilang pinuno ng lahing Higaonon ni Udan, na siyang magiging sanhi kung papaanong inatasan niya ang mga tagbaya na ilayo ang Mindanaw sa pananalanta ng mga bagyo. Mula sa banghay na ito ng *Batbat hi Udan*, sapin-saping diskurso ang maaaring mahugot na kaugnay ng paglalakbay at pagsakop sa mga banuwa.

Sa mga “katutubong epiko” sa Pilipinas, kadalasan na tinatampok ang paglalakbay ng mga bagani upang hanapin ang kanilang mapapakasalan. Mapapansin ito mula sa iba't ibang “katutubong epiko” sa Luzon, Panay, at Mindanaw tulad sa *Nanang: I Taguwasi anna I Innawagan* ng mga Agta sa Cagayan; *Ullalim Banna* ng mga Kalinga; *Labaw Donggon* at *Humadapnon* ng mga Panay Bukidnon; *Berinareu* ng mga Teduray; at *Sandayo* ng mga Subanon. Masasabing katangi-

tangi sa lahat ng “katutubong epiko” ang *Ulahingan* ni Agyu ng mga Livunganen Arumanen Manobo dahil ang paglalakbay ng bidang *bagani* ay ginagabayan ng layuning magtungo sa bayan na kukupkop sa kanyang mapayapang lipi na itinaboy sa kanilang sariling banuwa ng mga kalabang lipi (Melendrez-Cruz 1985, 200–1). Sa *Batbat hi Udan*, sa una'y ang paghahanda sa binabalak na pagpapakasal ng Datu ng Lantapan sa anak na babae ng Datu ng Impasug-ong ang siyang misyon ng mga manlalakbay ngunit sa huli'y mababago ang layon ng paglalakbay patungong pakikibaka at pagtatanggol sa mga banuwa. Sa bahaging ito ng batbat, mahalagang bigyan ng diin ang pagkakatulad nito sa iba-iba pang “katutubong epiko” na matatagpuan sa buong kapuluan lalo na sa antas ng pagharaya sa banuwa. Masasabi na ang bawat etnolingguwistikong pangkat ay mayroong sariling dalumat ng banuwa—ang sakop at lawak ng kanilang nasasakupan na teritoryo at pook. Ito ang masasabi nilang dalumat ng *bansa*, at ang lahat ng nasa labas nito, maging ang mga indibiduwal at pamayanan na nagmula sa ibang pangkat ay maipapalagay na kabahagi ng ibang banuwa.

Isang mahalagang realidad ang banuwa sa kuwento ng *Batbat hi Udan*. Ito ang espasyong itinataguyod at ipinaglalaban. Ito rin ang siyang lawak at hangganan ng kapangyarihan. Ito rin ang kaayusan ng daigdig. Sa diskurso at dalumat ng banuwa sa Mindanaw at Sulu, masasabing makabuluhan ang sanaysay na “Knowledge Practices Traversing Nature/Culture Divide: Recent Themes in Social Studies” ni Myfel Joseph Paluga (2004) na pinalalawig ang kahulugan at pagpapakahulugan sa banuwa. Sa pagtataya ni Paluga, batay sa iba't ibang etnolingguwistikong pangkat sa Mindanaw at Sulu tulad ng mga Bagobo Tagabawa, maaaring gamitin ang banuwa bilang pantukoy kapwa sa natural (kalikasan o *kinaiyahan*) at kultural (lipunan o *katilingban*) na mga espasyo na maaaring ang pook, pamayanan, bansa, at maging daigdig na ginagalawan ng pangkat. Katulad din ito ng dalumat ng *inged* para sa iba't ibang pangkat ng mga Manobo na tumutukoy sa kalawakan ng kanilang pamayanan at maging daigdig. Kung tutuusin, hindi sumusunod ang ganitong pagharaya sa nauna nang balangkas na ginamit ng historyador at etnolohiko na si Zeus Salazar na ang banuwa ay katumbas ng ili, bongto, at bayan. Mga dalumat at proseso ito na nagluluwal sa isang *bansa* (20–22). Sa isang banda, mahalaga ang balangkas ni Salazar sa diskurso ng pagtunton sa lawak, sakop, lalim, at bigat ng hinaharayang pagsasabansa. Ngunit sa kabilang banda naman, nagiging simplistiko ang ganitong pagdulog na tila ang pagkakabuo ng *bansa*—na isang abstraktong dalumat kung kaya't sa perspektiba ni Benedict Anderson ito'y hinaharaya (*imagined*)—ang siya nang wakas na hantungan kahit na ito ay isa ring proseso na hindi maaaring limitahan ng heograpiya at pulitika. Patunay dito ang diskurso ng identidad at nasyunalismo na kaakibat

sa pagdalumat ng araling migrasyon (migration studies). Mahalaga ring bigyan ng diin na ang *bansa* ay kalapit ng salitang *bangsa* na isang dalumat sa kulturang Tausug na tumutukoy sa kanilang pamayanan na kinakailangang ingatan at ipaglaban upang mapanatili ang *sipug* (honor). Tinatanaw ang pakikipaglaban sa kanilang *bangsa* upang tuluyang itaguyod ang *Bangsamoro*. Sa kasalukuyang pag-aaral, dinadalumat na ang “katutubong epiko” ay kadalasang nakatuon sa banuwa ng iba’t ibang etnolingguwistikong pangkat bilang bansa na hinaharaya sa kontemporaryong daigdig. Mahihiwatigan na ang dalumat ng Pilipinas bilang iisang bayan at iisang bansa ay tumindig lamang sa huling bahagi ng ika-19 dantaon sa Pilipinas bunsod na rin ng mga ilustradong Pilipino na nakapag-aral sa Europa.

Kung babalikan ang batbat, kapayapaan at kaayusan rin sa mga banuwa ang siyang naging layon ni Udan at kanyang mga kasama. Kinakailangang ipagtanggol ang Lantapan, Yandang, Kimambong, Dalwangan, Impasug-ong, at Sumilaw sa banta ng pananakop ni Kalibato (Datu Mampuo) ng Lidasan. Lunan ang banuwa ng gahum sa daloy ng kuwento, hindi ito nalalayo sa dalumat ng pagsasalubong at pagtatagpo ng dalawang panig na nagbabago-bago ang tumbas ng kapangyarihan batay na rin sa taglay nilang lakas (Cannell 1999, 11). Mahihinuha rin ang pagkakatulad ng batbat ng mga Higaonon sa kaugnay nitong *Ulahingan* ni Agyu, hindi lumalaban ang lipi ng mga Livunganen Arumanen Manobo sa mga kaaway nito bagkus ay lumalaban lamang “upang ipagtanggol ang sarili, at upang ipagsanggalang at mapanatili ang kanilang pagkakakilanlan at kalayaan” (Melendrez-Cruz 1985, 201).

Sa diskurso ng *yutang kabilin* (lupang ninuno) sa kalawakan ng Mindanaw at Sulu, malalim ang danas ng mga Higaonon sa pagtatanggol sa kanilang nasasakupan. Mula sa mga banta ng mga Moro hanggang sa iba’t ibang bugso ng misyonero na dumating sa iba-ibang dako ng Bukidnon at hanggang sa magkasunod na pagtatangka ng mga Amerikano at Hapones na lipulin ang mga lupain dito, masasabing higit na naging marubdob ang pananakop sa pagdating ng mga “Dayo/Dagsa” (settler) sa Bukidnon, bunsod na rin sa mga programa at paanyaya ng pamahalaan ng Pilipinas na manirahan at saklawin ang mga itinatuturing na lupain na walang nagmamay-ari, kahit na pagmamay-ari ito ng mga naunang nanirahan dito na Higaonon (Edgerton 2008). Ang kasaysayang ito ng mga Higaonon ay hindi hiwalay sa danas ng iba pang mga Lumad na inagawan ng *yutang kabilin* sa Mindanaw at Sulu.

Estetika

Bagaman bago pa matapos ang ika-19 dantaon ay masasabing mayroon nang postkolonyal na pagdulog si Isabelo de los Reyes sa kanyang paanyaya na kalapin ang iba’t ibang kaalamang-bayan sa Pilipinas sa proyektong *El Folklore Filipino*, na sinundan ng malawak at estruktural na pag-aaral ni E. Arsenio Manuel noong 1950s, na pinagyabong ni Damiana Eugenio sa pamamagitan nang pagtitipon ng kalat-kalat na mga “katutubong epiko” sa buong kapuluan, tila masasabing wala pa ring maayos at malinaw na pamantayan sa pagbasa sa tradisyong pabigkas ayon sa estetika ng etnolingguwistikong pangkat na lumikha nito. Kaiba ito sa anyong pampanitikan na “nobela” na masasabing bunga na rin ng modernong panahon, kung kaya’t mas madali nang *basahin*, pandayin, at tasahin batay sa o gamit ang iba’t ibang pamamaraan ng Kanluraning pamantayan.

Tulad ng pagtatangka ng pag-aaral na ito na basahin ang *Batbat hi Udan* bilang bahagi ng oral na panitikan na nakalimbag, masasabing ganito rin ang siyang kinahinatnan ng pag-aaral sa “katutubong epiko.” Kung noo’y karaniwan itong itinatanghal sa bawat pamayanan, ngayo’y mahihiwatigan ang mga pagkakataon na naging lutang na ito mula sa pinanggalingang pamayanan at nasa anyo na ng nakalimbag. Ngunit sa kabila nito, maipapalagay na nagkakatulad ng estetika ang *Batbat hi Udan* at mga “katutubong epiko” sa maraming elemento. Mababanaag ito sa haba na kalimitan ay pinuputol na sa bawat episode, sa pagsisimula nito sa isang panalangin (kapwa nagsimula ang *Ulahingan* ni Agyu ng Livunganen Arumanen Manobo at *Batbat hi Udan* ni Telesforo Sungkit sa “Ke’puun-puun” na ang ibig sabihin ay panimula at umpisa), at ang istilo nito ng pag-uulit sa mga parirala na animo’y ginagawa upang magbigay-diin.

Sa *Batbat hi Udan*, mapapansin ang maraming bahagi kung saan gumamit ang manunulat ng pag-uulit. Litaw na litaw ito, halimbawa, sa paraan ng paglalarawan sa bahay ni Datu Manlidasan (2009):

Naghuhunihan na ang mga *alimokon* nang dumungaw si Datu Manlidasan sa malaking bintang na kanyang malaking bahay. Napakalaking bahay. Sadyang malaki sapagkat mayroon itong pitumpung mga haligi. Malalaking haligi. Sadyang malalaki sapagkat ang bawat haligi ay hindi kayang yapusin ng pitong katao. Matitibay na haligi. Matatayog na haligi. Mga haliging piling-pili. Mga haliging nagmula pa sa kagubatan ng Bundok Timbangan. (51)

Kapansin-pansin sa siniping talata ang istilo ng pag-uulit at pagbibigay-diin sa malaking bahay na mayroong malalaking haligi na binubuo ng pitumpung mga haligi. Sa empirikal na pagbasa sa sipi,

maaaring bilangin ang mga salitang inulit-ulit. Halimbawa, anim na beses binanggit ang salitang-ugat na “laki” na ginamit sa mga salitang “malaki,” “napakalaki,” at “malalaki.” Hindi pa kasama rito ang mga pariralang nagpapahayag ng “lawak” at “laki” ng inilalarawan sa sipi tulad ng “hindi kayang yapusin ng pitong katao.” Kung bibilangin naman ang beses na binanggit ang salitang “haligi,” lumilitaw na pitong pagkakataon itong ginamit sa sipi. Mapapansin din ang paglalakip sa haligi ng iba’t ibang pangngalan at pang-uri tulad ng “pitumpu,” “malalaki,” “matitibay,” “matatayog,” “piling-pili,” at “mula pa sa kagubatan ng Bundok Timbangan.” Sa isang banda, maaaring sabihin na pagbibigay-diin ang siyang layon ng pag-uulit na ito gamit ang mga salitang “laki” at “haligi.” Sa kabilang banda naman, maipapalagay na nasa estetika ng tradisyong pabigkas ang ganitong pag-uulit.

Ngunit masasabi rin naman na hindi na bago ang ganitong pag-uulit sa “katutubong epiko” sa buong kapuluan lalo na’t litaw na litaw ang estetika nito sa maraming tradisyong pabigkas mula Luzon, Visayas, at Mindanaw. Marahil, pinakamalapit sa *Batbat hi Udan* ang *Ulahingan* ni Agyu na kakikitaan din ng ganitong istilo ng pag-uulit (*Antolohiya ng mga Panitikang ASEAN, Mga Epiko sa Pilipinas* 1985):

Ang mga haligi ng bahay
Mga tukod ng tulugan
Ay pinakapili-pili
Pinakahirang-hirang
Batunlinaw ng Sugbu
Banat-i ng Simugay
As-as ng Milung-milung,
Patunay ng kalakhan
Tanda ng kaluwangan
Siping-siping makakatulog
Tabi-tabing makahihiga
Ang bagong mag-asawa
Ang bagong mamamahay
Sa bantod ng haligi
Sa kabilugan niyon.
Tungkol naman sa tukod
Hinggil naman sa haligi
Walang tao ang makakayakap
Sa mga tinayong tukod
Sampu naman ang makaliligid
Sa mga haliging tinulos. (235–36)

Inilalarawan sa siniping mga linya sa *Ulahingan* ni Agyu ng mga Livunganen Arumanen Manobo ang isang malaking bahay na

matatagpuan sa Nalandangan. Umiinog ang mga linya sa mga nakatayo at piling-pili na haligi na naglalarawan sa kalawakan at kalakihan ng bahay. Sa iba pang linya ng *Ulahingan*, inilarawan ang mga makikita at nakadiseno sa tarangkahan papasok sa malaking bahay: ang mga “agta”¹² na magkatapat na nakatindig at kapwa may hawak ng matatalim na kalis sa pasukan ng istaka, malalaking sawa na kakulay ng bakesan sa hagdanan na animo’y totoo ngunit ang layon ay manakot lamang, ang mga haligi na mahigpit na itinali at pinagbigkis ng laway ng ulupong (sawa), at ang bubong na yari sa kumpol-kumpol na buhok ni Alimugkat—ang kalahating babae at kalahating isda na nilalang sa ilalim ng tubig. Mula sa mga imahen na ito, tutuloy ang *mambabasa* ng *Ulahingan* sa pakikipagtagpo sa siniping mga linya na naglalarawan sa haligi ng malaking bahay.¹³

Tila nagsasanga-sanga ang mga imahen sa *Batbat hi Udan* at *Ulahingan* ni Agyu lalo na’t kapwa tinatampok ng mga siniping linya ang “haligi” bilang bahagi ng malaking bahay. Sa batbat, maaaring tumutukoy ang malaking bahay at haligi sa kapangyarihan ng may-ari nitong si Datu Manlidasan ng Lantapan at marahil, maging sa lakas at tigas ng materyal na talinghaga ng bahay sa mga paparating at mararanasang digmaan kung kaya nga ipinapalagay ito na nagtataglay ng “pitumpung mga haligi” na “hindi kayang yapusin ng pito katao.” Sa *Ulahingan* naman, tinatampok ang mga haligi sa malaking bahay na tumutukoy sa paraan at proseso ng arkitektura at kabahayan para sa mga Livunganen Arumanen Manobo na lumisan sa kanilang pamayanan bunsod na rin ng iba’t ibang hugis at anyo ng pananakop. Kung sisipatin, kapwa nakatuon ang dalawang sipi sa sistema ng pagtatayo at pagdidisenyo ng bahay na nakasandig hindi lamang sa “pantastiko”¹⁴ na elemento kundi maging sa pagiging lapat nito sa realidad sa buhay ng mga Higanonon at Livunganen Arumanen Manobo.

Ang estetika ng pag-uulit, ayon kay Nicole Revel (2005), ay bahagi ng tradisyong pabigkas na gumagabay sa alaala at pag-alala ng mang-aawit na ituon ang kanyang pansin sa kahulugan ng mga salitang binibigkas, pariralang binibigyang-diin, at pagiging tapat sa sinusundang banghay ng kuwentong inuusal. Nagtala si Revel ng mga estruktural at empirikal na pagtataya hinggil sa pagtitipon ng kaalaman sa sining ng alaala at istilo ng oralidad sa pag-awit ng iba’t ibang “katutubong epiko” sa Pilipinas na nakakawing sa kognitibong kakayanan at komprehensibong pag-alala ng mang-aawit sa kuwento (10–13). Sa isang banda, lumilikha ang ganitong hinuha ng siyentipikong paliwanag sa kung papaano naisasakatuparan ng mang-aawit ng “katutubong epiko” ang pag-alala sa mga linya at pagsasalaysay ng kuwento na tumatagal din ng ilang oras. Ngunit, sa kabilang banda naman, tila naisasantabi ng ganitong mga pagtatangka ang estetika ng pag-uulit na nakaangkla sa pangarap, damdamin, at

pananaw ng mismong etnolingguwistikong pangkat na lumikha nito at nabibigyang pansin lamang ang gamit ng pag-uulit-ulit bilang gabay sa pagsasaulo (mnemonic device) ng mang-aawit na hindi malimot ang kanyang sinasalaysay.¹⁵

Kung babalikan, halimbawa, ang iba't ibang pamayanan ng mga etnolingguwistikong pangkat sa Pilipinas, hindi lamang sa “katutubong epiko” mapapansin ang estetika ng pag-uulit kundi maging sa sining-biswal at iba pang materyal na kultura. Sa mga Yakan sa Kanlurang bahagi ng Mindanaw, kapansin-pansin ang paghabi sa *seputangan*, kadalasan ay may lawak na isang metro kuwadrado, at kabilang sa tradisyunal na pananamit ng mga babaeng Yakan. Kalimitan, tinutupi ang tela na ito at itinatali sa *olos inalaman* o *olos pinalantupan* upang higit na maging mahigpit ang pagkakakapit nito sa palda. Maaari rin itong gamitin bilang pantakip sa ulo o kaya ay ang pagsasabit nito sa balikat ng lalaki at babae sa oras ng kanilang kasal (Pasilan 2016). Sa isang minsang pagbisita sa Yakan Village sa siyudad ng Zamboanga, mababanggit ng isang Yakan na mananaliksik ang estetika at alituntunin ng pag-uulit na lumilitaw din sa *seputangan* at iba pang tela na hinahabi ng mga Yakan. Tanyag, halimbawa, sa mga *seputangan* ang imahen ng brilyante na tila sumasagisag sa *paley* o palay. Nagpapaulit-ulit ang ganitong disenyo upang ipaalala sa mga Yakan na sila ay Yakan—tao mula sa daigdig na nabubuhay sa pagsasaka—mula pagkasilang hanggang kamatayan at pagkabuhay muli at muling pagkamatay at hanggang sa susunod na siklo ng buhay (Pasilan 2019).

Maaaring ipagpalagay na ang estetika ng pag-uulit na ito para sa mga Yakan ay nakakawing din sa dalumat ng panahon at espasyo. Nagtatalastasan sa disenyo ng *seputangan* ang nag-iiba-ibang panahunan ng naroon, narito, at hinaharap. Buhay at kamatayan, pagkasilang at pagkamatay, at maging ang tradisyonal at modernong daigdig. Kapansin-pansin na ang diskurso ng panahon at espasyo na makikita sa iba't ibang sining at kultura ng maraming etnolingguwistikong pangkat sa bansa ay hindi sumusunod sa kalendrikal at kolonyal na pagdalumat. Kung sisiyasatin, malaki ang pagkakatulad ng ganitong pagdalumat ng panahon at espasyo sa mga kuwento sa “katutubong epiko.” Malayo sa kontemporaryong pagharaya sa panahon at espasyo sapagkat nakabatay ito sa minimithing kaayusan ng mga banuwa. Kung lilimiin din, tila nakakabit ang estetikang ito ng pag-uulit hindi lamang sa kaanyuan ng “katutubong epiko” at batbat kundi maging sa ipinapahiwatig nitong kayarian ng etnolingguwistikong pangkat na pinagmulan nito. Ang “katutubo” ay hindi lamang matatagpuan sa noon at kahapon kundi ito’y umiiral din sa narito at ngayon, at marahil maging hanggang sa hinaharap at bukas. Nangangahulugan din ito na ang “katutubong epiko” ay hindi lamang tulad ng isang bangkay na ibinaon at

inilibing sa hukay—bunsod na rin ng iba-ibang danas sa panahon at kasaysayan—na kinakailangang hukayin, isalba, at preserbahin. Ito ay hindi naman talaga naglaho, nariyan lamang sa mga pamayanan na isinantabi sa pangarap ng gobyerno sa hinaharayang bansa o kaya ay nasa binubukbok na aklat sa loob ng lumang silid-aklatan ng mga unibersidad.

Ilang Tampok na Elemento, Imahen, at Katangian

Marahil, masasabing pinakamalaki ang pagkakatulad ng *Batbat hi Udan* sa ibang “katutubong epiko” sa Pilipinas sa antas ng pagtatampok sa iba-ibang paksa at imahen na nakapaloob dito. Isang tanyag na gamit na kadalasang mapapansin sa mga “katutubong epiko” ang talinghaga ng suklay. Sa *Guman* ni Sandayo ng mga Subanon, makapangyarihan ang suklay na ginamit ni Salaong sa kanyang malagong buhok upang pakinisin at pakintabin gamit ang pitong bote ng langis, at sa ikasiyam na beses niyang pagsuklay ay nalaglag ang isang marilag na sanggol na tatawaging si Sandayo (*Antolohiya ng mga Panitikang ASEAN, Mga Epiko sa Pilipinas* 1985, 373). Mayroon ding tagpo sa *Kata-kata* ni Silungan Baltapa ng mga Sama Dilaut na kapansin-pansin ang paggamit sa suklay. Sa isang bahagi ng salaysay, nakakandong ang bidang babae na si Dalmata sa asawang si Silungan Baltapa habang ang isang alipin ay abala sa pagsusuklay sa buhok ng bidang babae. Mula rito, dadapo malapit sa kanilang kinaroroonan ang dalawang ibon mula kabilang daigdig na may tangan-tangang hinog na hinog na bunga ng santol na magiging dahilan upang paglihihan ito ni Dalmata (Lakbaw 2005). Sa *Umet* ni Berinareu ng mga Teduray, palasak din ang paggamit ng suklay sa iba't ibang tagpo sa salaysay. Isang halimbawa ang eksena sa bayan ni Tuko Fenuo kung saan ginawang bitag si Seangkaien (ang bidang babae). Inutusan ni Tuko Fenuo ang kapatid niyang babae na gumawa ng nganga para kay Lagei Lengkuos (ang bidang lalaki), habang abala ito sa pagsusuklay ng buhok gamit ang *mantu lemenubih* (langis ng niyog) (Wein 1989, 40).

Maaaring basahin ang paggamit ng suklay bilang ornamental at palamuti na bahagi lamang sa pagsasalaysay ng mga “katutubong epiko” ngunit mapapansin na marahil ay ginagamit ang materyal na kulturang ito bilang kasangkapan sa daloy ng kuwento. Ngunit, mapapansin na kaugnay ng suklay ang ilang mahalagang pangyayari sa mga salaysay—pagsilang ni Sandayo, paglililihi ni Dalmata at kalaunan ay pagsilang ni Datu Muhmin, at ang pagkagapi ni Tuko Fenuo at tuluyang paglaya ni Seangkaien. Mahalaga ring sipatin ang paggamit ng suklay sa mga pang-araw-araw na gawain tulad ng paliligo, pagpapahinga, pagmumuni-muni na kadalasan ay nakakabit sa pagkakaroon ng kapangyarihan.

Sa *Batbat hi Udan*, hindi rin maaaring hindi mapansin ang tagpo kung saan ginamit ang materyal na kultura ng suklay:

Napaisip na lamang ang babae. Matagal na niyang nais itanong iyon sa kanyang ama. Subalit tila naiilang siyang itanong ito kapagka may pagkatataon. Nagpatuloy lamang siya sa pagsusuklay ng kanyang buhok. Ang suklay niya ay gawa ng kanyang tagapaglingkod. Isang suklay na nililok mula sa matibay na kahoy ng tugas. Ang suklay kung saan nakaukit ang kanyang pangalan. Ang pangalang binigay sa kanya ng kanyang ina bago ito pumanaw. (138)

Hindi naiiba ang siniping tagpo mula batbat sa mga naunang siniping “katutubong epiko” hinggil sa paggamit ng suklay. Sa salaysay, kinakausap ni Ananaw na kilala rin bilang *Hapoy ha Tagkalegdeg Bolak ha Mahumot* ang kanyang tagapaglingkod na nagsilbi na rin niyang pangalawang ina. Tutuloy ang kanilang pag-uusap sa paggunita ng tagapaglingkod sa pagiging tao ng ina ni Ananaw. Mula rito, mahalagang sipatin na ginamit ang suklay bilang bahagi ng eksena sa pag-uusap ng dalawang babae—malalantad ang iniisip ng tagapaglingkod sa mga susunod na bahagi ng *batbat* habang maiiwan lamang sa pangungusap na “napaisip na lamang ang babae” ang nararamdaman at iniisip ni Ananaw. Maaaring maiugnay ang suklay sa tagpo sa batbat sa dalumat ng kapangyarihan lalo na’t tila hindi pangkaraniwan ang suklay na ginagamit, ginawa ito ng tagapaglingkod, at saka iniukit dito ang pangalan ni *Hapoy ha Tagkalegdeg Bolak ha Mahumot*. Mahihinuha rin ang katayuan sa kanilang banuwa ni Ananaw lalo na’t mayroon itong tagapaglingkod na nagsusuklay ng kanyang buhok. Marahil, masasabi na ang suklay ay suklay at hindi suklay kapwa sa mga salaysay sa “katutubong epiko” at batbat. Bahagi ito ng materyal na kultura na ginagamit sa mga pangkaraniwang pagkakataon gaya rin ng pagsasaka, pangingisda, at paliligo, ngunit nakapaloob din dito ang sapin-saping talinghaga hinggil sa pagsulong ng banghay ng salaysay at diskursibong kahulugan na sumisibol sa pamayanang lumikha nito.

Isa pang elemento na nag-uugnay sa *Batbat hi Udan* at mga “katutubong epiko” ay ang pagdalumat ng mga ito sa imahen ng “pinuno.” Kadalasan, isa sa pangunahing layon sa bawat “katutubong epiko” ang paglalakbay at paglalayag ng bida upang hanapin ang kanyang mapapangasawa na masasabing talinghaga upang mapagkasundo-sundo ang iba’t ibang banuwa. Halimbawa nito ang *Sugidanon* nina Labaw Donggon at Humadapnon ng mga Tumandok ng Panay. Itinuturing ang hiyaw ni Labaw Donggon bilang “sigaw ng isang magiting, tinig ng isang bayani” matapos niyang mapagkasundo-sundo ang mga daigdig sa ilalim ng lupa, sa

bungad ng Handog sa Ilog Halawod, at purok ng katanghaliang araw (*Antolohiya ng mga Panitikang ASEAN, Mga Epiko sa Pilipinas* 1985, 194). Si Humadapnon ay kinikilala bilang “imaw mayur sa banwa, imaw may parangkuton” o “isang magiting na pinuno, at tanyag na tagapayo” (Hugan-an at Jocano 2000, 9).¹⁶

Sa *Batbat hi Udan*, bagaman bata pa si Udan, kakikitaan na ito ng lakas at tikas sa pangangaso, pakikipaglaban, at paggapi sa mga kaaway. Si Udan ang siyang may matalas na pakiramdam sa mga nagtatago o lulusob na hayop at kaaway. Sa simula pa lamang ng batbat, mapapansin na ang taglay na dunong at kisig ni Udan sa pakikidigma kahit na ito ang siyang pinakabata sa kanilang hukbo. Siya ang naging daan upang makapagpatuloy ang kanilang hukbo kahit na paulit-ulit silang nilusob ng mga *alagasi*, *bakesan*, *tagbusaw*, *mantianak*, at makapangyarihang *tium*. Biniyayaan din ng hindi pangkaraniwang gahum si Udan nang tulungan nitong lumaya si Datu Masagila sa lihim na daigdig ng Lidasan. At sa huli, bunsod na rin sa ipinamalas na lakas ni Udan, kakikitaan ng angking katangiang katangi-tangi sa isang pinuno—marunong makisama, matibay ang loob, at iniisip ang kapakanan ng lahat at hindi lamang pansariling interes—nagtagumpay ang kanilang hukbo laban sa hukbo ni Kalibato o Datu Mampuo. Naibalik ang kasaganaan at kapayapaan sa nagkakaisang banuwa ng Lantapan, Yandang, Kimambong, Dalwangan, Impasug-ong, at Sumilaw.

Sa diskursibong pagpapakahulugan gamit na lunsaran ang Araling Mindanaw at Sulu, marahil, ito ang siyang kinakailangan ng bawat banuwa—isang pinuno na mayroong kakayahang simulan ang paghilom ng iba’t ibang anyo at hugis ng sugat na bunga hindi lamang ng pagkakaiba-iba ng kultura, paniniwala, at relihiyon kundi lalo’t higit ng hindi pantay na distribusyong pang-ekonomiya at panlipunan. Marahil, ito ang isa sa gamit ng *Batbat hi Udan* at mga “katutubong epiko,” ipaalala ang katangian na kinakailangang taglayin ng isang mahusay na pinuno upang unti-unti, dahan-dahan, matigil ang pagdanak ng dugo at giyera sa mga banuwa, na hindi nagawa kahit ng kauna-unahang pinuno ng kapuluan na nagmula sa Mindanaw.

Mula sa mga inilatag na pagtataya, patuloy ang pagtatangka ng pag-aaral na kilalanin ang *Batbat hi Udan* bilang akdang pampanitikan na nagtataglay kapwa ng estetika at kumbensyon na makikita, madirinig, at *mababasa* sa mga akdang nasa tradisyong pabigkas at nakalimbag. Minsan na ring nabanggit ni Sungkit na ang mga naaalala pa niyang kuwentong nadinig noong siya’y nasa lima hanggang anim na taong gulang pa lamang sa Bukidnon ang siyang naging batayan niya ng mga kuwentong isinusulat. Ang mga salimbibig na kuwento ang kanyang naging pamantayan sa paggawa ng kuwento (Sungkit 2019, 302). Ito, marahil, ang pinakamahalagang batayan sa pagiging

batbat ng *Batbat hi Udan*: ang pagharaya at paglipad ng isip sa batis ng ilog pandama kahit na ang tradisyong pabigkas na noo'y itinatanghal at pinapanood ay nasa anyo na ng nakalimbag.

Paglalongom

Inilarawan ni Ma. Cecilia Locsin-Nava (2012) ang kanyang mga isinaling akda ni Ramon Muzones, partikular na ang *Margosatubig* bilang epiko-historikal na nobela (xx). Marahil, ito ang kauna-unahang pagkakataon kung kailan ginamit ang katawagang *epiko nobela*. Bagaman hindi gaanong nasuri ni Locsin-Nava ang paggamit sa katawagang ito, mapapansin na sumusunod din sa mga inihaing estetika, elemento, istilo, at sangkap ng “katutubong epiko” ang *Margosatubig*. Masasabing taglay din ng akda ni Muzones ang talaban (*hybridity*) ng dalawang anyong pampanitikan. Sa pagsusuri sa katangian ng *Batbat hi Udan*, lumilitaw na mabuway ang hinaharayang kayarian ng mga anyong nasa oral at nakalimbag na panitikan. Lalo na't kadalasan, kung hindi man kalimitan, dumadaan ang tradisyong pabigkas sa proseso ng pagbabago patungong nakalimbag upang masuri ito at mapag-aralan sa labas ng komunidad at pamayanan na pinanggalingan nito.

Sa pagiging nakalimbag na akda, masasabing lumilikha ng tulay ang *Batbat hi Udan* upang pagdugtungan ang puwang sa dalawang tradisyong pabigkas at nakalimbag. Sa pamamagitan ng mga wikang Higaonon at Tagalog, nagsasalimbayan sa mga titik sa pahina ang himig ng mga salaysay ng liping Higaonon na noo'y nadirinig lamang at ngayo'y nakalimbag na at nababasa ng marami, maging ng mga indibiduwal sa labas ng pamayanang Higaonon. Sa ganitong pagbasa, maimamapa ang lunan ng *Batbat hi Udan* bilang akdang Higaonon na nakikipagtagpo sa iba't ibang pagdalumat at pagbalangkas sa mga kultura, identidad, at karanasan na nakikipagtalastasan sa mga banuwa na bumubuo sa hinaharaya nating Pilipinas.

Ang May-akda

JAY JOMAR F. QUINTOS (jfquintos@up.edu.ph) is associate professor of literature and Philippine studies at the University of the Philippines Diliman. He also serves as affiliate faculty of visual studies at the University of the Philippines Mindanao. With Mindanao and Sulu studies, cinema, and folk literature as research interests, his critical and creative works have already appeared in various national and international publications. He edited the anthology *The Invisibility of the Visible: Emancipated Mindanao and Sulu in Philippine Cinema*, funded and published by the University of the Philippines Mindanao.

He also co-edited the *Philippine Humanities Review: Issue on Mindanao and Sulu Studies*.

Hulibaba/Notes

1. Gagamitin ko ang mga palasak na katawagan sa iba't ibang anyong pampanitikan na nasa tradisyong pabigkas gaya ng epiko, bugtong, salawikain, katutubong awit, at kuwentong bayan, gayong malay ako sa pagkahilig nito sa maka-Sentrong imahinasyon ng pag-unawa sa produksyon ng kaalaman sa Pilipinas. Mahihinuha na ang iba't ibang etnolingguwistikong pangkat sa buong kapuluan ng Pilipinas ay mayroong mga nagkakaiba-ibang katawagan sa mga anyong ito. Tulad, halimbawa, sa epiko, “Ullalim” ito para sa mga Kalinga, “Hudhud” sa mga Ifugao, “Sugidanon” sa mga Panay Bukidnon, “Uwaging/Ulaging” sa mga Higaonon at Binukid, “Ulahingan” sa mga Manobo, “Dawot” sa mga Mandaya, at “Umet” sa mga Teduray; sa bugtong, “burburtia” ito sa mga Ilokano, “bonikew” sa mga Pangasinan, “bugtong” sa mga Tagalog, “patototdon” sa mga Bikolano, “paktakon” sa mga Ilonggo, “tigmo” sa mga Sebuwano, “paakenala” sa mga Magindanaw, at “untukan” sa mga Yakan; sa katutubong awit naman, “laji” ito sa mga Ivatan, “copla” sa mga Capiznon, “balikata” sa mga Teduray, at “leleng” sa mga Samal; at sa kuwentong bayan, “sussur/sutsut/tudtud” ito sa mga Ivatan, “sarita” sa mga Ilokano, at “sugilanon” sa mga Sebuwano. Mahalagang sipatin ang nagkakaiba-ibang katawagan na ito sa iba't ibang anyong pampanitikan na maaaring mayroon ding nagkakaiba-ibang tekstura bunsod na rin sa magkakaiba-ibang danas ng mga pangkat sa kalikasan, komunidad, at kasaysayan. Kinakailangan ding bigyan ng diin na ang mga anyong pampanitikan na ito ay hindi lamang nagmula sa nakalipas kundi narito pa rin sa kasalukuyan at marahil, maging sa hinaharap.
2. “Katutubo” ang siyang katawagan na gagamitin ko bilang salin ng salitang “indigenous” kahit na problematiko ang salitang ito kung ilalaki sa mga bagay, pangyayari, at indibiduwal sa sinaunang pamayanan sa bansa bago pa man dumating ang mga mananakop. Mahalagang sipatin na noon pa man ay mayroon nang tuwirang ugnayan ang mga sinaunang indibiduwal sa kapuluan sa mga tao mula sa karatig na banwa/banua sa Asya. Ipapailalim ko rin ang terminong “katutubong epiko” sa isang panipi upang mabigyan ng diin ang talaban ng diskurso rito.

3. Sa mga naunang tala sa kasaysayan, “Bukidnon” o “Binukid” ang ginagamit na katawagan para sa mga “Higaonon,” ngunit sa pag-aaral na ito, gagamitin ko ang pangalan ng pangkat bilang “Higaonon” upang makatulong na rin sa pagpapalaya sa mga naunang maka-kolonyal na pagharaya. Ang “Bukidnon” ay isang kolektibong katawagan para sa iba’t ibang etnolingguwistikong pangkat na nasa taas ng bundok sa Hilaga at Gitnang Mindanaw tulad ng Higaonon, Talaandig, at Bukidnon Manobo.
4. Mapapansin ang paglalagay ko ng diin sa pandiwang *basahin*. Ironiko, kung tutuusin, ang paggamit ko ng salitang “basahin” mula sa ugat na salita na “basa” na ang ibig sabihin ay unawain ang mga nakalimbag na titik, lalo na’t hindi naman binabasa ang *ulaging* ng mga Higaonon. Tinatanaw at pinapakinggan ang *ulaging* lalo na’t nasa tradisyong pabigkas ito.
5. Mahalagang sipatin ang ginagamit ng mga Higaonon na katumbas para sa kuwentong salaysayin—*nanangen*—na kung tutuusin ay malapit sa katawagan *Nanang* na ang ibig sabihin ay mahabang inaawit na salaysay para sa mga Labin Agta Negrito. Isang halimbawa ng *Nanang* ay ang *Nanang I Taguwasi anna I Innawagan* na inawit ni Baket Anag at inirekord ni Ernesto Constantino sa Alcala, probinsiya ng Cagayan. Masasabing isang realidad ng pagkakatulad at pagkakaiba ito sa lawas ng iba-ibang etnolingguwistikong pangkat na kinikilala ang kanilang sarili bilang *Pilipino*.
6. Bagaman nangangailangan pa ng masusing pag-aaral at pananaliksik, mahalagang suriin ang estetika ng epiko mula sa mga Kanluraning bansa at saka ito ihambing sa estetika na mapapansin sa mga akdang nasa tradisyong pabigkas sa Pilipinas. Nag-iiba-iba ang katawagan ng bawat etnolingguwistikong pangkat sa kanilang mahahabang salaysay na inaawit ngunit kalimitang ipinapaloob na lamang ito ng mga iskolar at kritiko bilang katumbas ng dalumat “epiko” sa Kanluran.
7. Mula sa bahaging ito ng pag-aaral ay tatawagin ko na ang *Batbat hi Udan* bilang isang batbat at hindi na lamang isang nobela upang pagtibayin ang ilan sa aking mga pagtatangka at pagtataya.
8. Ang Ferdinand E. Marcos: An Epic (1974) ni Guillermo C. de Vega ay isang akdang nakahulma mula sa mga “katutubong epiko” na matutukoy sa Pilipinas. Si Ferdinand Marcos ang siyang hinaharayang bayani na siyang iniinugan ng kabuuang salaysay. Binubuo ang epiko ng siyam na bahagi kabilang ang “Prologue” at “Epilogue,” at ang pitong episodyo na may pamagat na “The Child: He Came, a Magnificent Atom Aureoled in a Tradition Noteworthy for its Dogged Will;” “Batac: A Local Story Evolved to Become a National Saga;” “Bataan: Red was the Color of Tears;” “Congress: The Pinetrees Spoke of Heaven to Some Passing Winds;” “September 21, 1972: Let Not Be Then Your Age Behind, Move, Act, Do, ‘Tis The Principle by which The World is Civilized;” “Victory: Sublime is in The Blade of Grain;” at “The Republic: Sail with Sunbirds Homing in the Bosom of God.”
9. Gagamitin ko, sa bahaging ito, ang salitang *banuwa* bilang pantukoy sa kabuuang espasyo na hinaharaya at tinutuntungan ng iba’t ibang etnolingguwistikong pangkat. Sa mga diksyonaryo sa Sugbuanong Binisaya tulad ng proyekto ni John U. Wolff na *A Dictionary of Cebuano Visayan* (1972), “*banwa*” (o *banuwa*) ang siyang sinasabing katumbas ng pook at komunidad (*Ang banwa sa Mandawi mauswagun*) at kung minsan naman ay bansa (*Pilipinas ang ngan sa among banwa*). Maging ang iba’t ibang etnolingguwistikong pangkat sa Pilipinas ay may kanya-kanya ring pagdalumat sa *banuwa* tulad ng mga Bagobo Tagabawa, Talaingod Manobo, at Tausug, na hiwalay sa imahinasyong kabilang sila sa iisang bansa at iisang diwa ng Pilipinas.
10. Idinidikit ko ang Sulu sa Mindanaw upang idiin ang magkatambal nilang pangalan na kadalasang kinalilimutan sa maraming tala sa kasaysayan. Mahalagang isipin na ang paggamit lamang sa “Mindanaw” bilang katawagan sa kabuuang Isla nito at karatig pang arkipelago at kalat-kalat na isla ng Sulu ay nangangahulugan din nang hindi pagkilala sa iba’t ibang etnolingguwistikong pangkat na matatagpuan sa Sulu. Sa kasaysayan ng Pilipinas, sa una’y magkakasamang hinaharaya ang mga isla ng Mindanaw, Sulu, at Palawan (MinSuPala) bilang iisang rehiyon at daigdig.
11. Binabanggit na ang Kaharian ng Yandang, sa lupain ng Menengneng ay ang iba pang pangalan ng Nalandangan. Ang Menengneng ay nangangahulugang lupain ng kapayapaan at katiwasayan. Tinatawag din ito bilang Libalan (lupain kung saan inaaruga ang mga mamamayan) at Newili’an (lupain ng katuwaan at kagalakan). Maaaring tingnan ang mga talababa sa pinagtagpi-tagping episodyo ng Agyu ng mga Livunganen Arumanen Manobo sa aklat na *Antolohiya ng mga Panitikang ASEAN: Mga Epiko ng Pilipinas* (1985) na inedit ni Patricia Melendrez Cruz.

12. Sa bersyon ng pinagtagpi-tagping episodyo ng *Ulahingan* ni Agyu na matatagpuan sa librong *Antolohiya ng mga Panitikang Asean: Mga Epiko sa Pilipinas* (1985) na tinipon nina Jovita Ventura Castro, Antolina T. Antonio, Patricia Melendrez Crus, Josefina T. Mariano, at Rosella Jean Makasiar-Puno, binabanggit ang katawagang “agta” na inilalarawan din sa mga susunod na linya bilang “ita” ay masasabing itinumabas sa salitang “alipin.” Sa Araling Mindanaw at Sulu, mahalagang sipatin ang naging realidad na maraming indibiduwal mula sa iba’t ibang etnolingguwistikong pangkat ang isinantabi sa laylayan bilang “alipin.” Mahihinuha rin na ang “agta” na binabanggit dito ay tila hindi naiiba sa mga “ata” na kalaunan ay makikilala bilang “Ata Manobo,” “Talaingod Manobo,” at “Pantaron Manobo”—batay na rin sa tala ng mga maka-kolonyal at pulitikal na pagharaya sa mga pangkat na binabanggit.
13. Ang mga imahen na ito ay matatagpuan sa *Ulahingan ni Agyu sa Antolohiya ng mga Panitikang ASEAN: Mga Epiko sa Pilipinas* (1985) mula pahina 231–37, partikular sa bahagi kung saan inilalarawan ang Nalandangan.
14. Idinidiin ko, kung kaya’t ipinaloob sa panipi, ang pagkakaiba ng mga realidad sa siniping linya kapwa sa Batbat hi Udan at *Ulahingan* ni Agyu sa mga “pantastiko” na kuwento. Kakikitaan ng pagiging lapat sa realidad at pananaw-mundo mula sa pinagmulang pangkat ang mga akdang binabanggit at hindi basta-basta mahuhulog sa bitag ng “pantastiko,” tulad ng perspektiba ng teorista at iskolar na si Tzvetan Todorov sa kanyang aklat na *The Fantastic: A Structural Approach to a Literary Genre* (1973), na tila nagkukulong sa realidad ng pantastiko sa mismong teksto lamang.
15. Mula sa Editor: Sa *ba-diw* ng mga Ibaloy, Kalanguya at Karao sa Benguet, ang bawat linya na sasambitin ng punong mang-aawit ay sabay-sabay na uulitin ng mga tagapakinig bilang koro sa mas mahaba pang paraan. Ganoon din sa mga huling linya ng *day-eng* ng mga Kankanaey na naiiba rin ang paraan ng pag-uulit ng mga nakikinig. Kung gayon, kailangang pinapakinggang mabuti ang bawat salita ng mga linya upang maulit ang mga ito nang tama.
16. Sa orihinal na manuskrito, isinalin sa Ingles ni F. Landa Jocano ang “imaw mayur sa banwa, imaw may parangkuton” bilang “a great leader he was, and counsellor renowned” habang isinalin ko naman ito sa Tagalog bilang “isang magiting na pinuno, at tanyag na tagapayo.”

Sanggunian

- Antolohiya ng mga Panitikang ASEAN: Mga Epiko ng Pilipinas*. 1985. Quezon City: APO Productions Unit, Inc.
- Bakhtin, Mikhail. 1981. *The Dialogic Imagination: Four Essays*. Austin: University of Texas Press.
- Bauzon, Kenneth E. 1973. *Lam-ang in Transition: A Historical Re-appraisal*. Quezon City: University of the Philippines Press.
- Cannell, Fenella. 1999. *Power and Intimacy in the Christian Philippines*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Chirino, Pedro. 1604. *Relación de las Islas Filipinas*. Nasa Blair and Robertson, vol. 12. 1903–1909.
- De Vega, Guillermo. 1974. *Ferdinand E. Marcos: An Epic*. Manila City: Republic of the Philippines.
- Edgerton, Ronald K. 2008. *People of the Middle Ground: A Century of Conflict and Accommodation in Central Mindanao, 1880s–1980s*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Finnegan, Ruth. 1977. *Oral Poetry: Its Nature, Significance and Social Context*. Oregon: Wipf and Stock Publishers.
- Hau, Caroline. 2000. *Necessary Fictions: Philippine Literature and the Nation, 1946–1980*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Hugan-an (mang-aawit) at F. Landa Jocano. 2000. *Hinilawod: Adventures of Humadapnon Tarangban I*. Manila: Punlad Research House, Inc.
- Jurilla, Patricia May B. 2008. *Tagalog Bestsellers of the Twentieth Century: A History of the Book in the Philippines*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Lakbaw, Binsu (mang-aawit). 2005. *Silungan Baltapa, Le Voyage au Ciel d’un Heros Sama (The Voyage to Heaven of a Sama Hero Silungan Baltapa)*, mga patnugot Nicole Revel, H. Arlo Nimmo, Alain Martenot, Talib Lim Sangogot, Carolina Malay-Ocampo, et al. Paris: Geuthner.

- Locsin-Nava, Ma. Cecilia. 2012. "Why Ramon Muzones." Sa *Margosatubig: The Story of Salagunting*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Lumbera, Bienvenido. 1986. *Tagalog Poetry, 1570–1898: Tradition and Influences in its Development*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Masson, David. 1859. *British Novelists and their Styles: Being a Critical Sketch of the History of British Prose Fiction*. London: Macmillan.
- Melendrez-Cruz, Patricia. 1985. "Panimula, Teksto at Salin sa Pilipino ng Agyu." Sa *Antolohiya ng mga Panitikang ASEAN: Mga Epiko ng Pilipinas*. Quezon City: APO Productions Unit, Inc.
- Mojares, Resil B. 1998. *The Origins and Rise of the Filipino Novel: A Generic Study of the Novel Until 1940*. Quezon City: University of the Philippines Press.
- Moore, Natasha. 2015. *Victorian Poetry and Modern Life: The Unpoetical Age*. London: Macmillan.
- Nanang: *I Taguwasi anna I Innawagan*. 2003. Inawit ni Baket Atnag, inirekord at isinalin ni Ernesto Constantino. Kyoto: Nakanishi Printing.
- Ong, Walter. 2002. *Orality and Literacy: The Technologizing of the Word*. London: Routledge.
- Paluga, Myfel Joseph. 2004. "Knowledge Practices Traversing the Nature/Culture Divide: Recent Themes in Social Studies." *Banwa* (1) 1: 11–36. University of the Philippines Mindanao.
- Paredes, Oona. 2006. "True Believers: Higaunon and Manobo Evangelical Protestant Conversion in Historical and Anthropological Perspective." *Philippine Studies* 54 (4): 521–59.
- . 2013. *A Mountain of Difference: The Lumad in Early Colonial Mindanao*. Ithaca: Cornell University Press.
- Pasilan, Earl Francis C. 2016. "Ambalang Ausalin, Manghahabi ng Tennun." *GAMABA Catalogue*. Manila City: National Commission for Culture and the Arts.
- . 2019. Personal na Interbyu. Yakan Village, Zamboanga City.
- Revel, Nicole. 2005. *Literature of Voice: Epics in the Philippines*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Sumingit, Vel J. at Erlinda Burton. Walang Petsa. *A Study on Ancestral Domain Recognition and Management Within and Around the Mt. Kitanglad Range National Park*. Southeast Asia Policy Research Working Paper no. 18.
- Sungkit Jr., Telesforo S. 2019. *Songs Sprung From Native Soil*, inedit ni Ricardo M. de Ungria. Cagayan de Oro City: Xavier University Press.
- . 2009. *Batbat hi Udan*. Quezon City: Central Book Supply, Inc.
- . 2013. *Driftwood on Dry Land (Mga Gapnod sa Kamad-an)*. Manila City: University of Santo Tomas Press.
- Todorov, Tzvetan. 1973. *The Fantastic: A Structural Approach to a Literary Genre*, sal. Richard Howard. Cleveland: Press of Case Eastern Reserve University.
- Tolentino, Rolando. 2007. *Sipat Kultura: Tungo sa Mapagpalayang Pagbabasa, Pag-aaral, at Pagtuturo ng Panitikan*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Unabia, Carmen C. 1996. *Tula at Kwento ng Katutubong Bukidnon*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Wein, Clement. 1989. *Berinareu: The Religious Epic of the Tirurais*. Manila: Divine Word Publications.
- Wolff, John U. 1972. *A Dictionary of Cebuano Visayan*. Ithaca, New York: Cornell University.
- Wrigglesworth, Hazel. 2011. *Manobo Storytelling as Approximation to Drama*. SIL Electronic Working Papers 2011-001.